
ANG IYONG MGA KARAPATAN

SA ILALIM NG MGA PROGRAMA NG PAMPUBLIKONG BENEPISYO NG CALIFORNIA



..... para sa mga taong nag-aaplay o tumatanggap ng pampublikong tulong sa California



Sabihin sa amin kung kailangan mo ng tulong dahil sa isang kapansanan.



Humiling ng libreng tagasalin

Ang mga ahensya ng pampublikong benepisyo ay sumusunod sa batas ng pederal at estado, at hindi maaaring mandiskrimina, huwag isama, o bigyan ka ng tulong, mga benepisyo o iba pang mga serbisyong naiiba sa kung ano ang ipinagkakaloob sa iba.

ANG IYONG MGA KARAPATAN

Ang lahat ng tao at organisasyong nagbibigay ng pampublikong tulong ay dapat igalang ang iyong mga karapatan. Matutulungan ka nila na maunawaan at makapag-aplay para sa mga benepisyo at serbisyo.

You have the right to an interpreter free of charge.

- يحق لك الحصول على مترجم فوري مجاناً
- Դուք անվճար թարգմանչի իրավունք ունեք:
- ມູສ ກຢາສສິຣິຣິຣິຣິຣິ ລຸມຸສ ກບກຸ່ບ ບຸກາສາເຂາ ພຸຄຄຸຣິຄ
- 您有權免費獲得口譯員
- شما حق دسترسی به یک مترجم (ترجمان) رایگان را دارید.
- Koj muaj txoj cai kom tus neeg txhais lus tsis raug them nqi
- あなたには無料の通訳をもらう権利があります
- 귀하는 통역사를 무료로 이용할 권리가 있습니다
- ທ່ານມີສິດໄດ້ຮັບບາຍພາສົາໂດຍບໍ່ ເສັຍຄ່າ
- mula sa nakasulat na ingles hanggang sa nakasulat
- Você tem direito a um intérprete, gratuitamente
- ਤੁਹਾਡੇ ਕੋਲ ਦੁਭਾਸ਼ੀਏ ਦਾ ਅਧਿਕਾਰ ਹੈ, ਮੁਫਤ
- Вы имеете право на бесплатные услуги переводчика
- Tiene derecho a servicios gratuitos de un intérprete
- May karapatan ka sa isang tagasalin, nang walang bayad
- Ви маете право на перекладача безкоштовно
- Quý vị có quyền có được một thông dịch viên miễn phí.

Tanungin ang ahensyang responsable para sa iyong mga benepisyo o serbisyo para sa tulong sa wika.

IKAW AY MAY KARAPATAN NA:

1. Unawain kung ano ang nangyayari sa iyong aplikasyon o mga benepisyo.
2. Makakuha ng nakasulat at pasalitang paliwanag tungkol sa iyong aplikasyon o mga benepisyo. Mayroon kang karapatan sa libheng

- tagasalin para sa impormasyong ito. Tanungin ang ahensyang responsable para sa iyong mga benepisyo/serbisyo para sa tulong sa wika.
3. Kung ang ahensya ng estado ay may nakasulat na paliwanag sa mga wikang hindi English, may karapatan kang kuhanin ang impormasyong ito sa mga wikang iyon.
 4. Makakuha ng resibo para sa mga dokumentong inihatid ng personal.
 5. Makita ang rekord ng iyong kaso.
 6. Makita ang mga batas at regulasyon tungkol sa iyong programa.
 7. Hilingin sa hukum na suriin ang anumang aksyon o hindi inaksyonan ng ahensya tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat, mga benepisyo, o mga serbisyo.
 8. Hindi makaranas ng diskriminasyon sa pag-aaplay o pagtanggap ng mga benepisyo o serbisyo ng programa.
 9. Maghain ng reklamo tungkol sa diskriminasyon.
 10. Kumuha ng “makatuwirang akomodasyon” kung ikaw ay may kapansanan. Partikular na tulong ito para sa iyo upang maka-access o makilahok sa programa.
 11. Mapanatiling kumpidensyal ang iyong impormasyon.
 12. Tratuhan ng may paggalang at respeto.

KUNG NAGKAKAPROBLEMA KA SA IYONG MGA BENEPISYO O SERBISYO:

Itabi ang mga rekord ng lahat ng iyong impormasyon, mga dokumento, at mga pakikipag-ugnayan sa ahensya.

Kumuha ng resibo kung mayroon kang anumang isinumite.

Magdala ng kasama sa mga pagpupulong.

Magreklamo. Mayroong 4 na paraan para gawin ito:

1. **Hindi Pormal:** Humiling na kausapin ang superbisor upang pag-usapan ang tungkol sa mga problema sa manggagawa o upang suriin ang mga patakaran at ang iminungkahing aksyon sa iyong mga benepisyo o serbisyo.

2. **Pagdinig ng Estado:** Humiling ng pagdinig ng estado kung hindi ka sumasang-ayon sa aksyon o kawalan ng aksyon ng ahensya sa iyong mga benepisyo o serbisyo. Dapat kang humiling ng pagdinig sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng paunawa ng ahensya tungkol sa iyong mga benepisyo o serbisyo. Kung hihiling ka ng pagdinig pagkatapos ng 90 araw, magpapasya ang hukum kung mayroon kang mabuting dahilan sa naantalang paghiling, gaya ng sakit o kapansanan.
3. **Reklamo hinggil sa Diskriminasyon:** Tingnan ang seksyon ng Reklamo Hinggil sa Diskriminasyon. Maaaring mayroon kang naiibang mga karapatan para maghain ng reklamo sa mga ahensya ng estado o pederal.
4. **Karaingan:** Maaari kang magsampa ng reklamo sa ahensya kung mayroon itong pamamaraan ng karaingan. **Hindi nito pinoprotektahan ang iyong mga benepisyo sa paraang ginagawa kapag humiling ng pagdinig ng estado.**

MGA PAGDINIG NG ESTADO

Maaari ka ring humiling ng pagdinig ng estado kung hindi ibinibigay sa iyo ng ahensya ang mga benepisyo o serbisyo na sa tingin mo ay dapat mong makuha. Tingnan ang [PUB 412](#) para sa impormasyon sa Pagdinig ng Estado.

Tandaan: Kung ang iyong problema ay sa General Assistance o General Relief, dapat kang humiling sa county ng pagdinig ng county.

Kung ang iyong problema ay sa Social Security na mga benepisyo, dapat kang makipag-ugnayan sa Social Security Administration para sa pagdinig.

PAGHILING NG ISANG PAGDINIG SA ESTADO

Maaari kang humiling ng pagdinig ng estado sa online, telepono, fax, email, o sa pamamagitan ng mail.

Online: [ACMS.dss.ca.gov](https://acms.dss.ca.gov) – maaari kang gumawa ng account para makuha ang lahat ng iyong impormasyon sa apela sa online, o

magsumite ng kahilingan sa online nang walang account

Telepono: 1-800-743-8525
Email: SHDCSU@dss.ca.gov
Numero ng fax: 833-281-0905
Mail: State Hearings Division PO
Box 944243, MS 21-37
Sacramento, CA 94244-2430

MGA PINABILIS NA PAGDINIG

Kung mayroon kang apurahang problema, maaari kang humiling ng “pinabilis” na pagdinig upang maisagawa ang pagdinig nang mas maaga. Para sa Medi-Cal, ito ay kapag ang regular na pag-iiskedyul ng pagdinig ay lubhang malalagay sa panganib ang buhay o pisikal o mental na kalusugan ng naka-enroll. Pagpapasyahan ng Pagdinig ng Estado at ipapaalam sa iyo kung maaaring mapabilis ang iyong kaso.

IPINAGBABAWAL NA DISKRIMINASYON

Pinagbabawalan ng batas ng estado ang mga ahensiya mula sa pagtangi ng mga benepisyo o serbisyo o pagbibigay sa iyo ng tulong na naiiba sa tulong na ibinigay sa iba batay sa:

Lahi, Kulay, Ninuno, Bansang Pinagmulan (kabilang ang wika), Pagkakakilanlan ng Pangkat Etniko, Edad, Pisikal o Pangkaisipang Kapansanan, Medikal na Kondisyon, Relihiyon, Kasarian, Pagpili ng Kasarian, Pagkakakilanlan o Pagpapahayag ng Kasarian, Oryentasyong Sekswal, Katayuang Matrimonyal, Kinakasama sa Tahanan, Kaugnayan sa Pulitika, Pagkamamamayan, Katayuan sa Imigrasyon, at Impormasyong Genetiko.

Ipinagbabawal din ng mga batas ng Pederal ang diskriminasyon sa ilan, bagama’t hindi lahat, na batay sa nakalista sa itaas. Ipinagbabawal din ng Batas ng Pederal ang:

Pag-aantala o pagtangi ng paglalagay ng bata para sa pag-aampon o sa foster care batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan ng mag-aampon o mga magulang na mag-aalaga, o ang bata;

Ang pagtanggap sa sinumang indibidwal ng pagkakataon na maging isang tagapangalaga o taga-ampong magulang batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan ng indibidwal o nang batang kasangkot.

MGA HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON

Ang ahensya ay hindi nagbigay ng libreng tagasalin.

Ang manggagawa ay nagsabi ng tungkol sa mga karagdagang programa at serbisyo sa isang partikular na pangkat etniko kasya sa mga tao na may ibang etniko.

Ayaw kang bigyan ng ahensya ng malalaking nakasulat o bersyon ng Braille ng nakasulat na impormasyon na kailangan mo dahil sa kapansanan.

Iba ang pagkikitungo sa iyo ng manggagawa pagkatapos malaman ang iyong relihiyon o sekswal na oryentasyon.

Hindi ka makakuha ng mga appointment dahil ang gusali ay walang elevator at mayroon kang kapansanang naglilimita sa iyong paggamit ng hagdanan.

Hindi mo maipasok ang iyong wheelchair sa silid ng pinagsusurian at mga silid ng pinag-iinterbyuhan o mga banyo.

Tumanggi ang manggagawa na gamitin ang iyong tamang pangalan at mga panghalip.

MAKATUWIRANG AKOMODASYON: ESPESYAL NA TULONG PARA SA MGA TAONG MAY KAPANSANAN

Ang mga taong may kapansanan sa pisikal o pag-iisip ay may karapatang humiling ng mga makatwirang akomodasyon mula sa mga ahensya ng pamahalaan na matulungan silang maka-access at makalahok sa mga programa at serbisyo. Kung mayroon kang kapansanan at kailangan ng karagdagang tulong, kailangan mong ipaalam sa ahensyang responsable sa iyong aplikasyon o mga benepisyo/serbisyo. Ang ahensya at dapat makipagtulungan sa iyo

upang malaman kung anong tulong ang kailangan mo. Kung tinatangihan ng ahensya ang iyong kahilingan, kailangan kang bigyan ng nakasulat na paunawa na nagsasaad ng dahilan ng pagtangga. Dapat nakalista sa paunawa ang iyong mga karapatan sa pag-apela.

REKLAMO NG DISKRIMINASYON

Kung sa tingin mo ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon, maaari kang maghain ng reklamo. Kung saan mo ihahain ang iyong reklamo ay depende sa kung anong uri ng reklamo ang mayroon ka.

Para sa lahat ng programang pinangangasiwaan ng ahensya ng iyong county: Tanungin ang iyong tanggapan ng county para sa pangalan, address at numero ng telepono ng kanilang Civil Rights Coordinator. Ang ahensya ng county, hindi ang ahensya ng estado, ang independiyenteng mag-iimbestiga sa iyong reklamo.

Para sa Covered California:

Civil Rights Coordinator Covered California
PO Box 989725
West Sacramento, CA 95789
(916) 228-8764
CivilRights@covered.ca.gov

Para sa Medi-Cal & Medi-Cal Dental Program:

Maaari kang makipag-ugnayan sa Civil Rights Coordinator ng county, sa Department of Health Care Services ng estado o sa Health and Human Services ng pederal.

Department of Health Care Services Office of Civil Rights
PO Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413
(916) 440-7370 or 711 (Calif. Relay Service)
CivilRights@dhcs.ca.gov

Para sa lahat ng iba pang programa ng estado na sakop ng pamphlet na ito:

Civil Rights Unit
California Department of Social Services

PO Box 944243, MS 9-7-41
Sacramento, CA 94244-2430
(866) 741-6241 (toll free)
(916) 651-0602 (fax)
crb@dss.ca.gov

Upang magsampa ng reklamo sa CalFresh sa ahensya ng pederal:

United States Department of Agriculture
Director, Office of Adjudication
1400 Independence Avenue, SW
Washington, DC 20250-9410
(866) 632-9992 (toll free) or (202) 260-1026
(800) 877-8339 (hearing impaired)
program.intake@usda.gov

Upang magsampa ng reklamo sa isang ahensya ng pederal:

Para lamang sa diskriminasyon batay sa Lahi, Kulay, Bansang
Pinagmulan, Kapansanan, Edad, o Kasarian:

Centralized Case Management Operations
United States Department of Health and
Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, DC 20201

Maghain ng reklamo sa online sa:

[US Health & Human Services Civil Rights Complaint Portal](#)

(800) 368-1019 (walang bayad)
(800) 537-7697 (may kapansanan sa pandinig/pagsasalita)

Mga Limitasyon sa Oras para sa Reklamo ng Diskriminasyon

Dapat kang maghain ng reklamo ng diskriminasyon sa loob ng 180
araw mula sa petsang ikaw ay nadiskrimina.


Kung naapektuhan din ng diskriminasyon ang antas ng iyong
benepisyo at serbisyo, humiling ng pagdinig.

Ang mga hukum ay hindi maaaring gumawa ng mga pagpapasya tungkol sa mga reklamo ng diskriminasyon sa isang pagdinig.

Hindi mababago ng pagsisiyasat sa diskriminasyon ang mga antas ng iyong benepisyo o serbisyo. Ang pagdinig ng estado lamang ang maaaring makagawa niyan. Hindi pinapayagan ang mga ahensya na gumanti sa iyo kung humiling ka ng pagdinig o naghain ng reklamo ng diskriminasyon.

MGA PROGRAMANG SAKOP NG PAMPHLET NA ITO

- Adoption Assistance Program (AAP)
- Programa sa Alkohol at Droga
- California Food Assistance Program (CFAP)
- CalWORKs
- Cash Assistance Program for Immigrants (CAPI)
- CalFresh (Food Stamps)
- Children's Health Insurance Program (CHIP)
- Pagiging Karapat-dapat sa Covered California
- Foster Care/ Mga Serbisyo sa Kapakanan ng Bata
- Mga Programa sa Pabahay sa pamamagitan ng County Social Service Departments
- In-Home Supportive Services (IHSS)
- Kinship Guardianship Assistance (KinGAP)
- Medi-Cal – Medi-Cal Dental Program
- Salaping Tulong sa Refugee
- Resource Family Approvals (RFA)
- Approved Relative Caregiver Funding Option Program (ARC)
- Salaping Tulong para sa Service Animal



State of California Health & Human Services Agency Department of Social Services

Makukuha ang pamphlet na ito sa iyong lokal na tanggapan ng County Welfare at sa [CDSS website](#) sa sumusunod na mga wika:

- Arabic
- Armenian
- Cambodian
- Chinese
- Farsi
- Hmong
- Japanese
- Korean
- Lao
- Mien
- Portuguese
- Punjabi
- Russian
- Spanish
- Tagalog
- Ukranian
- Vietnamese

Makukuha din nang libre sa malalaking print, sa Braille, at sa mga audio format.

Ipinapaliwanag ng naglathalang ito ang iyong mga karapatan sa pantay na benepisyo at serbisyo, kung paano humingi ng tulong sa wika o sa makatuwirang akomodasyon para sa kapansanan, at paano maghain ng reklamo laban sa diskriminasyon.